INTERNATIONAL NAPASA (September 17th, 2024)

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa 22 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa September 22 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***CEREZO OSAKA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)INPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMANYAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa September 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng free ***CONCERT*** sa ***HACHIMANYAMA NO YOUKAN***. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng Flute at Piano Concert na may title na " Sho Aki no Kaze ni yosete" at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay ang Baritone at Piano Concert at Classic Musical Concert na may pamagat na "Kokoro no mama ni". Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

## 4) UKOL SA PAGHAHANAP NG MGA LALAHOK PARA SA CULTURAL FESTIVAL

平塚市の文化祭への 出品者 の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga lalahok sa CULTURAL EXHIBITION sa October. Ang mga nakapaloob dito ay ang mga ① Calligraphy ② Painting and Sculpture ③ 3 Kategorya ng mga Larawan. Ang paglahok ay nagkakahalaga ng **¥ 1000**. Para sa mas detalyadong impormasyon para sa mga pangangailangan sa paglahok ay tumawag sa ***SOCIAL EDUCATION DIVISION*** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-35-81-23 (0463-35-8123)**.

## 5）UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa September 30 (Monday) ang ikatlong bahagi ng bayarin ng ***PROPERTY TAX***. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**